May 1, 2020

Serbisyong Ahensya Ng Imigrasyon (Immigration Services Agency)

Hinggil sa "justifiable reason" o makatarungang dahilan sa pagpapaalis dahil sa pagbawi ng residence status para sa mga dayuhang nasyonalidad na hindi maaaring makakuha ng gawain na kaayon sa kanilang taglay na bisa o status of residence dahil sa epekto ng COVID-19 pandemic

Ang mga Dayuhang Nasyonalidad na may status of residence na nakalista sa gawing kaliwa na lista ng Talaan I ng Foreign Immigration Control Act ("Inhinyero, Espesyalista Ng Makataong Sining,(o Specialist in Humanities), International Services (o Serbisyong Pandaigdigan)," "Skilled Labor," "Student," at iba pa.) na patuloy na bigo na makakuha ng trabaho o gawain na kaayon nang kanilang residence status ng tatlong buwan o higit pa, ay walang panganib na mabawi ang taglay na bisa o status of residence kung mayroon silang "justifiable reason" o makatarungang dahilan na hindi makakuha ng nasabing gawain.

Ukol sa paksang ito, kung ang Dayuhang Nasyonalidad ay bigo na makakuha ng gawain na kaayon sa kanilang residence status o taglay na bisa ng mga Tatlong Buwan dahil sa epekto ng COVID-19 pandemic at may kaugnayan sa mga panukalang hakbangin, mga kaso na gaya ng mga sumusunod ay maaaring isasaalang-alang na mayroong "justifiable reason" o makatarungang dahilan at kung ganito, hindi babawiin ang inyong residence status o Taglay na Bisa.

① Kung bumagsak ang Negosyo ng inyong employer (o kaya tumigil sa pagpapatakbo ng negosyo) at napilitang na magsara pansamantala.
② Matapos kayong magbitiw sa inyong nakaraang trabaho, ikaw ay patuloy sa gawain ng paghahanap ng trabaho online, at iba pa., o kaya mayroon ka nang natagpuan at inaasahang employer subalit bigo ka makapunta sa kumpanya.
③ Kung ang Institusyon na inyong pinapasukan ay pansamantalang nagsara (Kabilang ang kaso na kung saan na pati ang inyong binabalak na lipatan na institusyon ay pansamantala ring nagsara.)
④ Matapos na isara nang permanente ang institusyon na inyong pinasukan sa nakaraan, bigo kang makapaggayak ng mga kinakailangang dokumento o papeles upang makalipat sa ibang Institusyon na Pang-Edukasyon.
⑤ Para makatanggap ng paggamot para sa COVID-19 ikaw ay naospital, at naharap sa mahabang hindi pagpasok sa Institusyon O Eskwelahanl.